Records file 4/11

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

APR 04 2001

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 111, s. 2001

IKA-4 NA IPED PAMBANSANG KUMPERENSYA NG MGA EDUKADOR

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo ng mga Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Pinuno ng Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pribado

1. Ang IBON Partnership in Education for Development (IPED) ay magdaraos ng ika-4 na Pambansang Kumperensya ng mga Edukador, sa Bantalan Resort, Sinait, Ilocos Sur sa Abril 25-28, 2001.

2. Ang kumperensya, na may temang "Ang Edukasyon at mga Panlipunang Kilusan" ay naglalayong maging isang okasyon na maimulat ang mga edukador sa iba't ibang isyu at kaganapan na nakaapekto at naaapektuhan ng sektor ng pormal na edukasyon.

3. Ang mga kalahok sa nasabing Kumperensya ay mga guro, koordineytor sa Araling Panlipunan at mga administrador mula sa pribado at pampublikong paaralan sa antas elementarya at sekundarya.

4. Ang mga kalahok mula sa mga paaralang ka-partner ng IBON ay walang babayaran sa pagdalo sa Kumperensya. Ang mga kalahok na hindi ka-partner ng IBON ay inaasahang magbabayad ng halagang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (P2,500.00) para sa pagpapatala, sertipiko ng pagdalo, handawt, pagkain at iba pa.

5. Ang mga kalahok mula sa pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa Kumperensya sa <u>opisyal na oras lamang</u>. Kalakip ang programa ng mga gawain.

6. Para sa karagdagang impormasyon ay maaaring makipag-ugnayan sa IBON Foundation, Inc. sa telepono blg. 714-15-18, 713-27-29 at 713-27-37 o di kaya sa e-mail iped@ibon.org.

7. Dahil sa kahalagahan at pagiging napapanahon ng Kumperensya, inaasahang ipababatid agad sa lahat ng kinauukulan ang Memorandum na ito.

ISAGANI R. CRUZ
Pangalawang Kalihim
Pansamantalang Tagapamuno

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sanggunian:

Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
SOCIETY or ASSOCIATIONS